

Pakikipag-ugnayan sa mga Albertan sa anti-rasismo

Setyembre 22, 2022 [Mga katanungan sa media](#)

Makakatulong ang mga Albertan na ipaalam ang mga aksyon ng pamahalaan upang matugunan ang kapootang panlahi at bumuo ng isang mas inklusibong lalawigan.

Habang ang populasyon ng lalawigan ay patuloy na lumalaki at nagiging mas magkakaiba-iba, ang pamahalaan ng Alberta ay nakatuon sa pakikinig at pag-aaral tungkol sa mga karanasan ng lahat ng tao sa Alberta, kabilang ang mga indibidwal na may lahi, mga Katutubo at iba pa na maaaring humarap sa mga sistematikong hadlang.

“Ipinagmamalaki ko ang patuloy na trabahong ginagawa upang labanan ang rasismo sa lahat ng anyo sa ating lalawigan. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa mga komunidad at grupo na naging biktima ng kapootang panlahi, titiyakin namin na ang Alberta ay isang ligtas na lugar na matatawag na tahanan ng lahat. Inaanyayahan namin ang mga Albertan mula sa lahat ng antas ng pamumuhay na mag-alok ng napupuna upang ang aming mga aksyon ay maging epektibo at makabuluhan sa pagsuporta sa mga nahaharap sa rasismo o diskriminasyon sa ating lalawigan.”

Muhammad Yaseen, Katuwang na Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo

Ang lahat ng Albertans ay hinihikayat na punan ang isang [online na survey](#) bago ang Oktubre 21. Maaari nilang ibahagi ang kanilang mga pananaw sa epekto ng rasismo sa lalawigang ito at sa mga aksyon ng pamahalaan sa hinaharap upang matugunan ang rasismo.

Ang pampublikong pakikipag-ugnayan ay bubuo sa kamakailang inilabas ng Alberta na [Anti-Racism Action Plan](#). Isang mapa ng daan para sa makabuluhang aksyon, binabalangkas ng plano ang pangako ng pamahalaan sa pagkakaiba-iba, pag-aalis ng mga sistematikong hadlang sa pag-access sa mga programa ng pamahalaan at pagtiyak na ang mga Albertan ay may pantay na access sa impormasyon at mga serbisyo. Malaki ang ginampanan ng Anti-Racism Advisory Council ng Alberta sa gawaing ito.

Mag-apply para sa isang grant upang mag-host ng isang lokal na session

Upang makapagbigay ng higit pang mga pagkakataon para sa mga Albertan na magbahagi ng kanilang mga pananaw, ang pagpopondo ay magagamit sa mga organisasyong etniko, relihiyoso, kultura at komunidad, at First Nations at Metis Settlements upang mag-host ng mga personal na sesyon ng pakikipag-ugnayan laban sa rasismo. Hanggang 40 grant na hanggang \$2,500 ang makukuha at ang mga organisasyon ay may hanggang Okt. 21 para mag-apply.

Ang mga organisasyon ay dapat mag-host ng mga session bago ang Disyembre 16 at makakatanggap ng mga materyal na pangsuporta mula sa gobyerno. Ang malalaki at maliliit na organisasyon mula sa buong Alberta ay hinihikayat na mag-aplay upang mabigyan ng pagkakataon ang magkakaibang hanay ng mga Albertan na ibahagi ang kanilang mga iniisip. Higit pang impormasyon ay makukuha sa [alberta.ca](#).

Pakikipag-ugnayan sa mga Katutubo

Ang gobyerno ng Alberta ay nakatuon sa katotohanan at pakikipagkasundo sa mga Katutubo. Bilang mga kasosyo sa pagkakasundo, kami ay nakikinig at nakikipagtulungan sa mga Katutubo sa Alberta upang matukoy ang mga pinakamahasag na paraan para sa mas magandang kinabukasan.

Magpapaabot ang pamahalaan ng mga imbitasyon upang makipagpulong sa mga pinuno sa Treaty 6, Treaty 7 at Treaty 8, gayundin ang pamunuan mula sa Metis Settlements, Métis Nation of Alberta at Alberta Métis Federation upang matiyak na ang mga Indigenous na pananaw sa anti-racism ay kasama. Iniimbitahan din ang mga katutubo na kumuha ng online na survey, at ang mga First Nations at Metis

Settlements at Native Friendship Centers ay karapat-dapat na mag-aplay para sa mga gawad upang mag-host ng mga session na pinamumunuan ng komunidad.

Iba pang mga sesyon ng stakeholder

Upang makakuha ng mas malalim na feedback, iimbitahan ang ilang tao at organisasyon na lumahok sa karagdagang mga personal na sesyon kasama ang Katuwang na Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo. Ang mga session na ito ay magaganap sa Edmonton, Calgary, Red Deer, Lethbridge, Medicine Hat, Fort McMurray, Grande Prairie at Brooks.

Mabilis na mga katotohanan

- Ayon sa pinakahuling magagamit na data ng census, sa 3,978,145 katao sa Alberta, 21.2 porsyento (845,220) ay mga imigrante, 23 porsyento (933,165) ay nakikitang minorya at 6.5 porsyento (258,640) ay Katutubo.
- Kasama sa mga paksa para sa mga personal na sesyon at online na survey kung anong mga aksyon ang dapat gawin ng pamahalaan upang matugunan ang rasismo at kung paano patuloy na makikipag-ugnayan ang pamahalaan sa mga komunidad at Albertan sa mga hakbangin laban sa rasismo. Kasama rin sa online na survey ang mga tanong sa koleksyon ng data na nakabatay sa lahi.
- Ang gobyerno ng Alberta ay nagsimulang gumawa sa ilang mga hakbangin laban sa rasismo, kabilang ang:
 - Pagtatatag ng isang hate crime liaison at isang Hate Crimes Coordination Unit.
 - Pormal na kinikilala ang pagpupulis ng First Nations sa ilalim ng Police Act.
 - Pagbabawal sa pagsasagawa ng carding.
 - Pagpapakilala sa Alberta Security Infrastructure Program.
 - Pagsasabatas ng Fair Registrations Practices Act at paglikha ng Fairness for Newcomers Office upang matulungan ang mga bagong Albertan na makilala ang kanilang mga kwalipikasyon.
 - Pagbuo ng isang inklusibong patakaran sa komunikasyon para sa pamahalaan.

Kaugnay na impormasyon

- [Pakikipag-ugnayan laban sa rasismo](#)
- [Pagkilos laban sa rasismo](#)
- [Pahina ng pagbigay ng aplikasyon](#)
- [Ang Anti-Racism Action Plan ng Alberta](#)